# KAPASIYAHAN BLG. 2021-01

**"NAGPAPATIBAY SA KAUTUSAN BLG. 06, H-2020 NG BARANGAY BONGA MAYOR, BUSTOS, BULACAN NA NAUUKOL SA TAUNANG LAANG GUGULIN (*ANNUAL BUDGET*) PARA SA TAONG 2021 NA NAGKAKAHALAGA NG APAT NA MILYON, PITONG DAAN WALUMPU'T PITONG LIBO, TATLONG DAAN LIMAMPU'T DALAWANG PISO (PHP4,787,352.00)."**

---

*Pinagtibay sa mungkahi ni:*
**Melvin H. Melencio**
*Tagapangulo*
Lupon sa mga Alituntunin, Pananalapi at Pamamahala ng Kitambayan

---

**SAPAGKA'T**, naghain ng kahilingan ang Sangguniang Barangay ng Bonga Mayor para sa kanilang Annual Budget na laang gugulin para sa taong 2021 na nagkakahalaga ng PhP4,787,352.00;

**SAPAGKA'T**, ang pondong gugugulin ay para sa kapakinabangan ng mga mamamayan ng Barangay Bonga Mayor at sa pagpapatuloy ng mga serbisyo para sa pagpapanatili ng kaayusan ng kanilang nasasakupan;

**SAPAGKA'T**, ang nasabing kautusan ng Barangay Bonga Mayor ay walang nilalabag na batas o Kautusang Pambayan.

**KUNG KAYA'T**, sa mungkahi ni **IGG. MELVIN H. MELENCIO** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, na pagtibayin ang Ordinance No. 06, H-2020 ng Barangay Bonga Mayor, Bustos, Bulacan na nauukol sa *Annual Budget* para sa taong 2021 na nagkakahalaga ng Apat na Milyon, Pitong Daan Walumpu't Pitong Libo, Tatlong Daan Limampu't Dalawang Piso (PhP4,787,352.00).

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-5 ng Enero taong Dalawang Libo at Dalawampu sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**Juliet DJ. Dela Cruz**
Kasangguni

**Jonalyn S. Ortega-Santos**
Kasangguni

**Toni Flor H. De Guzman**
Kasangguni

**Rosette G. Pangilinan**
Kasangguni

**John Erick L. Perez**
Kasangguni

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Melvin H. Melencio**
Kasangguni

**Gemar Aldrich M. Cruz**
Kasangguni

**Martin SJ. Angeles**
ABC President

**Angelica DL. Tadeo**
SK President

**Arnel F. Mendoza**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

—— ■ ——

Pinatutunayan ko ang Kawastuhan at Katotohanan na ang nakatitik sa itaas nito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-5 ng Enero taong Dalawang Libo at Dalawampu.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim